# Ang aking Pangalan, Ang aking Kababata at ang Mithing Tilamsik para kay Third

Kasabay ng pagbuhos sa noo ko ng agua bendita noong ako'y bininyagan, naging kakambal ko na ang mabantot kong pangalan. Wala akong kamalay-malay noon na ang banal na kaganapang iyon ay tila ba naghuhudyat din ng unang biro sa akin ng buhay – na ako ay kikilalanin sa isang katawa-tawang pangalan. Ewan ko nga ba sa tatay ko kung bakit pa niya ipinamana sa akin ang kanyang hindi kanais-nais pakinggang pangalan. Buti na lang at Junior ako. Nakapagtatago ako sa alyas na 'Jun' o 'Jun-jun'.

Gayunpaman, wala akong kinikimkim na suklam sa tatay ko o maging sa nanay ko na hindi ko rin mawari ang naging takbo ng pag-iisip at pumayag na pangalanan ako ng masagwa. Marahil ay mahal niya nga lang talaga ang aking tatay. Ikinararangal ko naman sila at pinalaki nila ako nang mahusay at maayos. Iyon nga lang, lumaki talaga akong naging tampulan ng tukso dahil sa aking pangalan. Nasisira tuloy ang 'moment' ko sa tuwing sasabitan ako ng medal kapag graduation. Batid ko kasi ang pangungutya sa mukha ng maraming tao kapag naririnig ang aking pangalan.

Buti na lang, nakatagpo ako ng isang kaibigang hindi alintana ang baho ng aking pangalan. Masaya niya akong sinamahan sa aking paglaki, pagkilala at pagtanggap sa sarili.

Noong ako'y punggok pa lamang na paslit, kasama ko lagi siya sa isa sa mga paborito kong libangan – ang pagtatampisaw kasabay ng pagbuhos ng ulan. Kapag nagsimula nang lumakas ang pagbugso, magtatatalon na kami sa labas ng bahay at

dadamhin ang pagkiliti ng mga butil ng ulan sa aming mga maninipis na balat at mumunting mga katawan. Kakaripas din kami ng takbo patungo sa mga dulo ng alulod ng bubong ng mga bahay upang lasapin ang malakas at tila ba ‘waterfalls’ na pagbuhos doon. Hindi namin alintana na maaaring may halong dumi ng pusa at ng kung anu-ano pa ang pagbuhos ng ulan mula sa matataas na ‘alulod falls’. Naniniwala kami noon na malinis iyong ibinubuhos ng mga alulod, o kung marumi man, hindi naman siguro kami mamamatay. Ang mahalaga ay nakapagguguhit ang buhos ng ulan ng malalaki bagaman bunging mga ngiti at bungisngis sa aming mumunting mga labi.

Kapag tag-araw naman at sadyang madalang ang pag-ulan, kasama ko rin ang matalik kong kaibigan sa pag-‘shake’ ng mga prutas gaya ng mangga, melon at abokado. At dahil wala kaming ice cube maker sa bahay, bumibili na lang kami sa tindahan ng tigpi-pisong yelo a.k.a. ‘iced water’. Mura at sapat na ang dami ng yelong iyon para sa amin. Mabubuhusan na ng nakagiginhawang ginaw ang aming uhaw na lalamunan.

Dati rin, makakapagtakbuhan o ‘taya-tayaan’ kaming magkakalaro anumang oras namin gustuhin. Hindi namin iniinda ang noo’y wala pa halos ngiping init na dulot ng haring araw. At sa tuwing kami ay hihingi ng ‘taympers’ dahil sa pagod at uhaw, nariyan palagi ang aking matalik na kaibigan upang bigyan kami ng malamig, malinis at nakakapagpapreskong mga inumin upang udyukin kaming ibuhos pa ang kasiyahan sa paglalaro.

Masaya ang mga alaala ko ng aking pagiging bata. Hindi ko pa noon lubos na nabibigyang-pansin ang mga ginagawa sa akin ng aking kaibigan na bagaman maliliit na bagay lang ay lubos namang nakapagbubuhos ng matinding kaligayahan sa akin.

Hanggang sa namalayan ko na lang na bumuhos na rin pala ang mga tuyong buhangin sa orasan ng buhay… Tila ba unti-unti akong nauhaw pati na rin ang mga bagay-bagay sa aking paligid.

Napansin kong tila unti-unti ring lumalayo sa akin ang matalik kong kababata – ang tubig.

Lumipas ang ilang mga taon at nasaksihan ko kung paanong mabilis na nabago ang lahat. Saksi ako sa tila ba pagkabalisa at pananamlay ng aking kaibigan sa iba't iba nitong kaanyuan. Hindi ko na halos namalayan kung ano na ang nangyari, kung bakit nagkaganoon na hindi ko na magawang masayang makipaglaro sa kanya. Nanamlay ang aming samahan; mula sa malakas na pagbuhos, naging isa na lamang matamlay na pagtulo.

Hindi nagtagal, inatangan ako ng responsibilidad sa bahay na mag-ipon ng panghugas ng pinggan, pangsaing at pampaligo tuwing gabi dahil kadalasan ay mahina o minsan pa nga'y walang tumutulo sa aming gripo maghapon. Isang malaking drum, mga galon ng Milk Joy, mga bote ng 1.5 liters Coke at mga kaldero ang ipinuprusisyon kong alay sa aking kababata kapalit ng isang basang kinabukasan. Napilitan din akong magpuyat kadalasan na naging dahilan upang madalas akong makatulog sa klase kinabukasan. Ramdam ko'y ipinagkakanulo na ako minsan ng kababatang dati kong sandigan.

Nahinto na rin ang mga pag-sasaya namin sa gitna ng ulanan. Napag-alaman ko rin kasi ang mga nakapangangasim na bagay tungkol sa acid rain. Winasak na rin ng kalawang ang dating rikit at halina ng mga 'alulod falls,' ang isa sa 'mga kagila-gilalas na tanawin ng aking musmos na mundo'. At ngayon, madalas na ring magkaroon ng

pagtulo ng maraming luha dahil sa malalakas at walang patid na pag-ulan na palaging wrong timing ang dating.

Naging dalawang piso na ang ‘iced water’. Doble na raw ang presyo kasi nagmahal na ang tubig na tumutulo sa mga gripo at ang kuryenteng binabayaran sa pag-gamit ng ref.

Pakiramdam ko talaga’y tinalikuran na ako ng aking matalik na kababata. Ewan, pero… nais ko sanang maibalik ang dati naming samahan.

Sa hinaharap, nais kong magkaroon at magtaguyod ng isang pamilya. Gusto kong magkaanak ng isang malusog at malditong lalaki at ipamamana ko rin sa kanya ang aking pangalan. Siya ay magiging ‘the III’ at kikilalanin (at alam kong mas gugustuhin niya ito) sa simpleng tawag na ‘Third’.

Gusto kong makilala niya agad ang dalisay at banal na tubig sa oras na siya’y binyagan. Gusto ko siyang hayaaang magtampisaw sa gitna ng ulanan kasama ang kanyang mga kaibigan. Gusto kong maranasan niyang magta-takbo nang hindi nangangambang wala siyang maiinom na malinis na tubig kapag siya’y nauhaw.

Sa ngayon, marahil ay tilamsik na nga lamang ang natitira para kay Third at sa kanyang henerasyon. Nangangamba akong baka wala pa sa kalingkingan ng masasayang karanasan namin ng aking kababata ang maranasan niya. Mamayang gabi, sa saliw ng mga patak ng mahiyaing tubig, muli kong hihilingin sa aking kababata na huwag niyang pababayaan si Third.

Nariyan pa rin naman ang mga ulap na palaging magpapa-alala sa atin at magbibigay ng kaunting tilamsik ng pag-asa. Nariyan pa rin ang silver lining sa gitna ng tuyot at baliw na kulimlim. Sisilay pa rin ang pag-asa subalit kailangan ng kumilos.

Hindi naman talaga ang kababatang tubig ang tumalikod sa aming pagkakaibigan. Baka nagtampo lang siya dahil hindi namalayan ng aking mga kalaro na dinadaya na pala namin siya. Marahil ay nakaramdam na siya ng pagmamalabis… Ngunit gusto ko nang humingi ng tawad at magsikap na maibalik ang dating kasaganahang dumidilig sa aming samahan. At hindi gaya ng dati, gusto ko nang maramdaman niya kung gaano ko siya tunay na pinahahalagahan.

Pagpapahalaga at may respetong relasyon sa tubig—iyan ang isa sa mga nais kong maipamana kay Third. At alam kong hindi pa tuluyang matutuyo ang tubig sa balon. Marami pa akong magagawa. Ang kailangan lamang ay ang patuloy akong mauhaw at uhawin ang iba pang tao na makamit ang isang pangarap: ang maipamana sa sunod na salinlahi ang isang maganda, sagana at ligtas na daigdig.